REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

## KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 01-027

**KAUTUSAN NA NAG-AATAS SA LAHAT NG MGA PRIBADONG TERMINAL NA KUMUHA NG KAUKULANG AKREDITASYON SA SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MUNTINLUPA AT ANG PAGPAPAREHISTRO SA BUSINESS PERMIT AND LICENSE OFFICE (BPLO), AT ANG PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA PARA SA LALABAG DITO.**

**************************************************************************

Ipinanukala nina:
**Kgg. Lucio B. Contantino**
**Kgg. Rene Carl S. Cayetano**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**
**Kgg. Bal Niefes**
**Kgg. Mario E. Bulay, Jr.**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Nicanor L. Echavez, M.D.**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Icasiano M. Dela Rea**
**Kgg. Elmer S. Espeleta**
**Kgg. Francis Ian T. Bagatsing**
**Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.**
**Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Artemio A. Simundac**

**************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng **Seksiyon 458 (5) (v)** ng **Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991,** ang Lokal na Pamahalaan ay may kapangyarihan na magpatibay ng mga ordinansa upang matiyak ang epektibo at maayos na pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo at pasilidad, at karagdagan dito ay ang:

(v) Pagsasaayos o pamamahala sa paggamit ng mga lansangan; pagtatalaga ng himpilan at terminal o pagsasaayos o pamamahala sa paggamit nito ng mga pribadong sasakyan; pagtatalaga ng mga hintuan na maaaring okupahan ng mga pampublikong sasakyan kapag ito ay hindi ginagamit para sa kapakanan ng publiko;

(vi) Pagsasaayos o pamamahala ng trapiko sa mga lansangan;

**SAPAGKAT,** sadyang kapuna-puna ang mabilis na pagsulputan at pagdami ng mga pribadong terminal sa iba't-ibang bahagi ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang tuluyang pagdami ng mga pribadong terminal ay labis na nakakaapekto sa normal na daloy ng trapiko, lalo na kapag ang mga sasakyang lumalabas o pumapasok sa isang partikular na terminal ay dadaan sa mga pangunahing lansangan ng Lungsod;

**SAPAGKAT,** ang lubusang pagpaparehistro at akreditasyon ng mga pribadong terminal ay hindi lamang makapagbibigay ng kaluwagan sa trapiko, bagkos ay karagdagang kita para sa kabang yaman ng Lungsod;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

Seksiyon I. **SAKOP.** Ang Kautusang ito ay sasakop sa lahat ng mga may-ari o tagapamahala ng mga pribadong terminal na nagpapahimpil o nagpapaparada ng mga pampublikong sasakyan na may kaukulang upa o butaw na sinisingil.

*Seksiyon II.* **KAHULUGAN NG MGA SALITA.** Sakaling gagamitin ang mga salitang nasa ibaba, ito ay may sumusunod na kahulugan:

a. **PRIBADONG TERMINAL-** isang pribadong lugar na ginagawang himpilan o paradahan ng mga pampublikong sasakyan na may kaukulang upa o butaw na sinisingil, subali't ito ay hindi nakarehistro sa BPLO o walang kaukulang akreditasyon sa Sangguniang Panlungsod;

b. **REHISTRO-** isang legal na proseso na pinaiiral ng BPLO na may kaukulang butaw na sinisingil sa mga tao, may-ari o tagapamahala, korporasyon o asosasyon ng isang pribadong terminal upang mapatala bilang isang ganap o rehistradong negosyo o gawain;

k. **AKREDITASYON-** isang legal na proseso na pinaiiral ng Lungsod upang ganap na kilalanin ang isang partikular na tao, may-ari o tagapamahala o asosasyon ng isang pribadong terminal, sa pamamagitan ng isang kapasiyahan na pagtitibayin ng Sangguniang Panlungsod;

*Seksiyon III.* Mahigpit na inaatasan ng Kautusang ito ang sinumang tao, may-ari tagapamahala, korporasyon o asosasyon na nagmimintina ng isang pribadong terminal at naniningil ng kaukulang upa o butaw sa mga pampubliko o pribadong sasakyan na kumuha ng kaukulang akreditasyon sa Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa at ang pagpaparehistro taon-taon sa BPLO.

Binibigyan ng karapatan ang Tagapamahala ng Terminal na pamahalaan o kontrolin ang pamamalakad sa loob ng akreditado o itinakdang terminal at iwasan na huwag itong ipaubaya sa anumang asosasyon o tao na hindi konektado o empleyado sa terminal upang maiwasan ang di-pagkakaunawaan.

Inaatasan din ng Kautusang ito ang Tagapamahala ng Terminal na atasan ang sinomang asosasyon o tao na magsumite ng legal at kasalukuyang prankisa ng ruta (LTFRB Franchise Route) sa kanilang tanggapan bago ito pahintulutang pumasok, pumila, pumarada o humimpil sa akreditado o itinakdang terminal.

Binibigyan ng malawak na kapangyarihan ang Muntinlupa Traffic Management Bureau (MTMB), Traffic Environment and Discipline (TED), Business Permit and License Office (BPLO) at sinumang deputadong kawani na na tuwinang subaybayan (monitor) at mahigpit na ipatupad ang probisyon ng Kautusang ito matapos na maisagawa ang mga alituntunin para sa pagpapatupad (implementing guidelines) sa loob ng tatlumpung (30) araw, simula sa araw ng pagpapatibay ng Sangguniang Panlungsod.

Seksiyon IV. **MGA KAILANGAN SA PAGTATAYO NG TERMINAL**

1. Pinakamaliit na sukat ng lote na 2,000 metro kuwadrado, para sa terminal ng mga bus;
2. Sampung (10) metro ang layo sa pangunahing lansangan (major thoroughfare);
3. Ang terminal ay kinakailangang aspaltado /sementado;
4. May tiyak na kasilyas (comfort rooms);
5. Barangay Clearance;
6. May nakatalagang kawani upang isaayos ang trapiko sa paglabas at pagpasok ng mga sasakyan sa terminal;
7. May pasilidad para sa pailaw (lighting); at
8. May kaukulang bakod upang hindi gawing palaruan.

Seksiyon V. **BUTAW.** Ang pumaparada, pumipila o humihimpil na mga pampubliko o pampasadang sasakyan sa loob ng isang itinakda o akreditadong terminal ay sisingilin ng kaukulang butaw alinsunod sa halagang itatakda ng BPLO.

Ang kabuuang butaw na makokolekta kada buwan ay hahatiin nang pitumpung porsiyento (70%) para sa Tagapamahala ng Terminal at tatlumpung porsiyento (30%) para sa kabang yaman ng Pamahalaang Lungsod.

Ang Tagapamahala ng Terminal at hindi ang asosasyon o indibiduwal na tao ang magsasaayos o mangangasiwa sa loob ng terminal para sa pagsasalansan ng mga sasakyan at sa pagsasakay o pagbababa ng mga pasahero.

Seksiyon VI. **PARUSA.** Sinumang tao, may-ari o tagapamahala, korporasyon o asosasyon na lalabag sa probisyon ng Kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

1. Multang Tatlong Libong Piso (P3,000.00) o pagkabilanggo ng anim (6) na buwan o parehas na multa o pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;
2. Pagpapasara ng terminal;
3. Pagpapawalang bisa sa rehistro; at
4. Pagpapawalang bisa sa akreditasyon;

Ang multang nakasaad sa Seksiyon VII (1) ng Kautusang ito ay dapat bayaran sa loob limang (5) araw simula sa araw ng pagkakahuli, kung hindi ay isasampa ang kaso sa hukuman.

Seksiyon VII. **SUGNAY NA MAGPAPAWALANG BISA.** Anumang kautusan na taliwas o di tugma sa probisyon ng Kautusang ito ay pinapawalang bisa o babaguhin ng alinsunod dito.

Seksiyon VIII. **SUGNAY NA MAGBIBIGAY BISA.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos ang paglalathala sa alinmang pahayagan na may malawak na sirkulasyon ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa sa kanilang ika-**16 Regular na Sesyon** ngayong ika-**29** ng **Nobyembre, 2001.**

**SANG-AYON:**

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**FRANCIS JAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

***Pahina 5***
***Kautusang Panlungsod Bilang 01-027***

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**HINDI LUMAHOK:**

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kautusang ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO, JR.**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Tumatayong Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Tumatayong Punonglungsod*
*Petsa:* ____________

*LITO SALAMAT,JR/NORY*
**/080101**